

## Ang Tagapagbantay ng mga Bata (The Children's Guardian)

Tumutulong upang makamit ang pinakamainam na kahihinatnan para sa mga batang nangangailangan ng ligtas na pangangalaga.

(Filipino)

### Ano ang CAFCASS?

Ang tungkulin ng *Children and Family Court Advisory and Support Service* (Korteng Tagapayo at Serbisyong Pang-suporta sa mga Bata at Pamilya)-CAFCASS - ay ligtas na pangalagaan<sup>1</sup> at Itaguyod ang kapakanan ng mga batang sangkot sa pampamilyang paglilitis sa korte. Kami ay kumikilos kasama ng mga bata at ng kanilang pamilya, at aming sinisiguro na naririnig ang tinig ng mga bata at naipagkakaloob ang kanilang mga pangangailangan.

Pinapayuhan naming ang korte upang ang kanilang desisyon ay kung ano ang pinakamabuti sa katakana ng mga bata. Kami ay malaya sa korte, serbisyong pangkatauhan (*social services*)<sup>2</sup>, mga kinatawang pang-edukasyon at pangkalusugan, at lahat ng agenising katulad ng mga nasaad. Kami ay nagtatrabaho lamang sa korteng pampamilya. Hindi ito korteng pang-kriminal.

---

<sup>1</sup> Ang Batas Pangkabataan (*Children Act*) 2004 ay nagsasaad ng tungkulin ayon sa batas sa mga kinatawan at ahensiya na kumikilos kasama ng mga bata na gumawa ng paraan upang ligtas na mapangalagaan at maitaguyod ang katakana ng mga bata, lalo na kung tungkol sa pagiging malusog, pagiging ligtas, kasiyahan at pagkakamit, paggawa ng positibong kontribusyon at pagkakamit ng mahusay na kabuhayan.

<sup>2</sup> Dito sa kasulatang ito, ang terminolohiyong 'serbisyong pangkatauhan (*social services*)' ay tumutukoy sa trabaho ng mga lokal na mga awtoridad sa pasasagawa ng kanilang mga tungkulin sa serbisyong pangkatauhan, lalo na sa pangangalaga ng mga bata.

## **Ano ang Children's Guardian (*Tagapagbantay ng mga Bata*)?**

Ang mga Children's Guardians ay tanggap at pasado sa pangkatauhang tungkulin at nahasa at eksperyensiado sa paggawa kasama ng mga bata at pamilya. Sila ay naatasan ng korte upang kumatawan sa mga karapatan at interes ng mga bata sa mga kasong bahagi ang serbisyong pangkatauhan. Sila ay malaya at hindi naka-depende sa serbisyong pangkatauhan, korte o sa sino mang sangkot sa kaso. Ang mga Children's Guardians ay tagtatrabaho para sa CAFCASS , o maaaring sila ay nagtatrabaho lang pansarili (*self-employed*) at kinontrata namin.

## **Ano ang ginagawa ng mga Children's Guardians?**

Ang mga Children's Guardians ay nariyan upang tumulong na makamit ang pinaka-mahusay na kahihinatnan para sa mga batang kanilang kinakatawan. Sa pagtatangi, sila ay:

- nag-aatas ng abogado para sa bata, at siya ring bihasa sa pagtatrabaho kasama ng mga bata at pamilya
- nagpapayo sa korte kung anong paraan ang kinakailangang magawa bago pa man makapag-desisyon ang korte
- sumusulat ng ulat para sa korte na nagsasaad kung ano sa palagay nila ang mas nakabubuti sa bata. Ang ulat ay nagsasaad rin ng mga pananaw at kahilingan ng bata.

Upang maisagawa ang mga ito, ang Children's Guardian ay Nagaland ng oras upang makasama at makilala ng maigi ang bata at ang mga miyembro ng pamilya nito. Nakikipag-usap sila sa mga taong nakakikila sa pamilya, tulad ng mga kamag-anak, mga guro, mga kinatawan ng serbisyong pangkatauhan, at mga kinatawang pangkalusugan. Dumadalo sila ng mga pagpupulong bilang kinatawan ng bata, nagsusuri ng mga naka-tala at kasulatan, nagbabass ng mga ulat at paglalahad. Maaari rin silang mag-

rekomenda sa korte na mahingan ng tulong ang iba pang mga propesyonal, gaya ng doctor ng mga bata o ng sikolohista.

### **Kompidensiyal o lihim ba ang mga sinasabi ko sa Children's Guardian?**

Ang mga impormasyong ibinibigay ninyo sa Children's Guardian ay maaaring maisali sa kanilang ulat sa korte, at ang mga impormasyong ito ay maaari ring maipasa para sa iba pang mga layunin. Halimbawa, minsan ay kinakailangang magpasa ng impormasyon sa ibang ahensiya kung mayroong sitwasyong may kinalaman sa ligtas na pangangalaga sa bata. Bilang karagdagan, kami ay binigyan ng kapangyarihan na magsagawa ng pananaliksik upang mapabuti ang mga bata at pamilya at paminsan-minsan ay maaaring gamitin ang hindi pangangalanan ninyong impormasyon sa ganitong pananaliksik.

### **Ang Children's Guardian ba ay laging nag-rerekomenda ng kung ano ang kagustuhan ng bata?**

Sa kabala ng palagiang pagpapahalaga ng Children's Guardian sa mga kahilingan at pananaw ng bata at pag-uulat ng mga ito sa korte, ang kanilang ulat ay magsasaad din ng kanilang sariling pananaw tungkol sa kung ano sa tingin nila ang mas nakakabuti. Ito ay maaaring hindi katulad ng kagustuhan ng bata.

### **Palagi bang ginagawa ng korte kung ano ang ipinayo ng Children's guardian?**

Ang korte ang siyang nagdedesisyon kung ano ang dapat mangyari, bagamat nagbibigay sila ng maingat na pansin sa payo ng Children's Guardian. Kung hindi sumang-ayon ang korte sa payo ng Children's Guardian, ipaliliwanag nito kung bakit.

## **Makikita ko ba ang ulat ng Children's Guardian?**

Karaniwan, pag-uusapan ninyo ng Children's Guardian ang kanyang ulat bago ito ipadala sa korte. Kapag naipadala na ito sa korte, ito ay ipadadala rin sa inyong abugado, kung mayroon kayo, o kaya direkta sa inyo.

## **Kabilang ba ang aking mga pananaw?**

Maligaya naming tinatanggap ang ano mang komento tungkol sa aming serbisyo at gawain dahil ito ay kabilang sa importanteng bahagi ng pagpapabuti ng aming serbisyo. Gusto po naming makarinig galing inyo na gumagamit ng aming serbisyo - mga bata at kabataan, mga magulang, mga kamag-anak, korte o iba pang mga ahensiya.

And mga komentong ito ay maaaring:

- **Puna** tungkol sa aming patakaran o paraan ng aming pagtatrabaho o ano mang aspeto ng aming serbisyo
- **Papuri** tungkol sa aming Gawain o ng isang Children's Guardian
- **Reklamo** tungkol sa ano mang aspeto ng pakikipag-ugnayan ninyo sa amin.

Aming itatala, pagmamasdan at pagbabalik-aralan ang lahat ng mg puna, papuri, at reklamo tungkol sa aming serbisyo, at ang mga kinahinatnan ay maipapahayag sa aming Taunang Ulat (*Annual Report*).

Sa interes ng pagpapabuti ng serbisyo at para sa layunin ng pagsasaliksik, maaaring lapitan namin kayo upang hingin ang inyong mga pananaw kapag nakumpleto na ang mga paglilitis.

## **Paano ko ibibigay ang aking mga puna at papuri?**

Ipasa ang alin mang puna o papuri (mas maiging isinulat) sa may signalman na Children's Guardian, o ipadala sa tagapangasiwa ng lokal na CAFCASS sa

adres sa likod ng kasulatang ito. Maaari rin ninyong ipadala ang inyong mga komento o pananaw sa aming pambansang opisina sa pamamagitan ng email sa [yourviews@cafcass.gov.uk](mailto:yourviews@cafcass.gov.uk).

Pgkatapos ng inyong kaso, maaari po kayong makiusap na magkaroon ng isang pagpupulong tungkol sa inyong mga komento at pananaw kasama ang Children's Guardian na sangkot o ang kanilang tagapangasiwa.

### **Paano kung hindi ako masaya sa serbisyong ibinibigay ng CAFCASS?**

Hinahangad po naming na magical ng mataas na uri ng serbisyo sa lahat ng pangpamilyang paglilitis, at na mabigyan g boses ang mga bata sa kritikal na pagkakataon ng kanilang buhay. Importante sa amin na malaman kung ang gumagamit ng aming serbisyo ay naniniwala na hindi namin naabot ang aming mga hangarin.

Mayroon kaming prosesong dinisenyo para sa mga reklamo upang masiguro na ang mga reklamo ay nabibigyang pansin sa mabilis, tapat, at epektibong paraan hangga't posible. Ang pambungad para sa proseso ng pagrereklamong ito ay mahahanap sa susunod na pahina. Ang buong proseso ay nakalahad sa isang buklet para sa mga gumagamit ng aming serbisyo (*booklet for service users*)<sup>3</sup>, na makukuha sa inyong lokal na opisina ng CAFCASS o sa seksiyon ng impormasyon (*Information*) sa aming website sa [www.cafcass.gov.uk](http://www.cafcass.gov.uk).

### **Paano kung gusto kong mag-reklamo?**

Una, kailangang lagi ninyong ipaalam sa sangkot na Children's Guardian kung kayo ay hindi masaya tungkol sa alin mang aspeto ng serbisyo. Maaaring may oportunidad na maisaayos ang mga bagay. Bilang alternatiba,

---

<sup>3</sup> Ang Inyong Pananaw ay Kabilang (*Your Views Count*) - Paano gumawa ng puna, papuri o reklamo tungkol sa aming trabaho.

maaari kayong manghingi ng pagkakataong makapagpulong pagkatapos ng inyong kaso gaya ng naipaliwanag sa nakaraang pahina.

Kung ayaw ninyong gawin ito at mas gusto ninyong magpatuloy sa pagrereklamo, tawagan lamang ang tagapangasiwa sa inyong lokal na CAFCASS sa lalong madaling panahon, at isa-isip ang oras na magugugol sa pagpapasa ng reklamo na nakasaad sa susunod na pahina.

*Kung hindi kayo sang-ayon sa nilalaman ng ulat, karaniwang mas nakakabuti kung ipagbibigay-alam ninyo ito sa paglilitis sa korte.*

*Hindi maaaring mabago ng inyong reklamo ang bunga ng desisyon ng korte. Kung hindi kayo sang-ayon sa desisyon ng korte, kailangang kumuha kayo ng payong legal tungkol sa posibleng apila laban sa desisyon ng korte.*

Impotanteng isaalang-alang na may limitary ang oras ng aming pagtanggap ng mga reklamo. Para sa mga matatanda, ito ay sa loob ng tatlong buwan kung kailan naganap ang pangyayari o insidente. Paki-sangguni ang buklet ng *Your Views Count* para sa buong detalye ng mga limitasyon sa oras.

Umasa na kayo'y tatanggap ng katibayan na natanggap at kinilala namin ang inyong reklamo sa loob ng limang araw na may pasok.

Ang reklamo galing sa mga bata ay maaaring tanggapin kahit anong oras. Ang batang gustong mag-reklamo ay aalokan ng suporta ng isang malayang kinatawan sa buong proseso.

### **Kaligtasan ng Bata**

Nagsasagawa kami ng mga pagsusuri kasama ng iba pang mga ahensiya upang malaman kung ang mga bata ay nasa bingit ng delikadong sitwasyon. Kasama dito kung saan ang mga bata ay nagasaki ng dahas sa tahanan. Palagiang pagsusuri ay isinasagawa kasama ng pulis, serbisyong pangkatauhan, at ng Rehistro para sa Proteksyon ng Bata (*Child Protection*

*Register*). Ipapaalam naming sa inyo kung kinakailangan pa ng malaon na pagsusurir kasama ng iba pang ahensia (e.g. doktor, eskwelahan). Ang impormasyon ay gagamitin sa paghahanda ng pag-uulat sa korte at maaari ring ibahagi sa serbisyong pangkomunidad.

Hindi namin susuportahan ang alin mang pagsasa-ayos na maaaring makasama sa kaligtasan ng mga bata, kabataan, o ng kanilang mga tagapangalaga.

## **Lawak ng Sakop**

Hangad naming mapanalunan ang indibidwal na mga pangangailangan ng mga bata at na irespeto at pahalagahan ang iba't ibang komunidad na kanilang kinalakihan. Aming itinatala at pinagmamasdan ang impormasyong kaugnay sa lawak ng sakop ng mga taong gumagamit ng aming serbisyo - gaya ng lahing pinanggalingan, wika at espesyal na pangangailangan - upang magkaroon kami ng kakayanang maipagpatuloy ang pagpapabuti ng aming serbisyo sa mga bata at kanilang mga pamilya. Ang impormasyong ito ay nakatutulong sa amin upang maitaguyod ang patas nag pagturing gaya ng hinihingi ng batas kasama ng *Race Relations Act* 1976 (Binago 2000 at 2003) at Batas ng Pagtatangitangi ng Kapansanan) *Disability Discrimination Acts* 1995 at 2005.

## **Impormasyon**

Ng paraan kung paano kami nangungulekta, nagpoproseso at naglalahad mga impormasyon ay naaayon sa batas. Maaaring interesado ka sa mga sumusunod:

- Ang gawi ng aming trabaho ay nangangailangan na maiproseso ang mga personal na impormasyon na may kaugnayan sa mga gumagamit ng aming serbisyo. Ang lahat ng gawaing ito ay isinasagawa ayon sa Batas na Pagproteksiyon sa Datos (*Data Protection Act*) 1998. Ang

impormasyon naming tungkol sa Rehistro ng Proteksyon sa Datos (*Data Protection Register*) ay mahahanap sa [www.cafcass.gov.uk](http://www.cafcass.gov.uk).

- Napasasailalim sa *Data Protection Act*, ikaw ay may carpeting manghingi ng kopya ng mga impormasyong hawak namin tungkol sa iyo.
- Kami ay masugid na naghahangad na magical ng impormationtungkol sa aming serbisyo sang-ayon sa Batas ng Kalayaan sa Impormasyon (*Freedom of Information Act*) 2000.

Para sa higit pang detalye kung paano kami kumikilos nang ayon sa *Data Protection Act* o nang *Freedom of Information Act*, paki-sanguine lamang po ang seksyon ng *Information* sa aming website sa [www.cafcass.gov.uk](http://www.cafcass.gov.uk) o tumawag sa inyong lokal na opisina ng CAF/CASS.

Ang aming website ay naglalaman pa ng malaong impormasyon tungkol sa buong saklaw ng aming serbisyo.

[www.cafcass.gov.uk](http://www.cafcass.gov.uk)

V3-05

